



ESTADO NG HAWAII
KAGAWARAN NG EDUKASYON
P.O. BOX 2360
HONOLULU, HAWAII 96804

TANGGAPAN NG SUPERINTENDENT

Hulyo 25, 2022

Aloha Mga Magulang at Tagapangalaga,

Ikinasasabik naming muling salubungin ang mga mag-aaral para sa taon ng paaralan na 2022-23! Kasabay ng pag-usad ng Hawaii at ng ating bansa mula sa yugto ng pang-emergency na tugon sa pandemya papunta sa pagkatutong maging bahagi ng buhay ang COVID-19, pag-aaralan ng ating sistema ng pampublikong paaralan na patuloy na unahin at pabilisin ang pagkatuto ng mag-aaral.

Bilang paghahanda sa simula ng bagong taon ng paaralan, gusto naming tiyaking mayroon ang mga mag-aaral at pamilya ng mga pinakabagong update sa *gabay sa kalusugan at kaligtasan (health and safety guidance)* ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Hawaii State Department of Education, HIDOE) (bit.ly/HIDOEC19Guidance).

Ang HIDOE ay patuloy na umaasa sa kadalubhasaan at gabay ng Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health, DOH) ng Estado ng Hawaii pagdating sa mga protocol para panatilihin bukas at ligtas ang ating mga paaralan.

Sinasalamin ng ating updated na gabay, na magkakabisa sa Martes, Hulyo 26, 2022, ang mga pinakabagoong rebisyong ginawa sa *gabay para sa mga paaralang K-12 (guidance for K-12 schools) ng DOH* (bit.ly/DOHSchoolGuidance). Narito ang mga pinakabagong update:

- Opsyonal ang pagsusuot ng mask sa loob at labas ng gusali para sa mga mag-aaral at empleyado, ngunit lubos itong hinihikayat. Kinikilala ng HIDOE ang mga pakinabang ng pagsusuot ng mask para mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at iba pang respiratory na sakit at rerespetuhin ang desisyon ng sinumang mag-aaral o empleyadong pipiling magsuot ng mask.
- Kung magkakaroon ng cluster o outbreak, posibleng pansamantalang ipag-atas ang mga mask sa loob ng gusali.
- Mariing hinihikayat ang pagsusuot n mask sa loob ng gusali kapag natukoy ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang mga antas ng komunidad (community level) ay katamtaman o mataas. Ang mga CDC community level ay linggo-linggong ina-update kada Huwebes sa bit.ly/CDC-CommunityLevels. Sa petsa ng liham na ito, isinasaad na katamtaman o mataas ang mga antas ng estado (state level) sa lahat ng isla, kaya mariing hinihikayat ang pagsusuot ng mask sa loob ng gusali.

Mga Magulang at Tagapangalaga
Hulyo 25, 2022
Pahina 2

- Hindi ipinag-aatas ang quarantine para sa mga pagkakalantad habang nasa paaralan, ngunit mariing inirerekomenda ang pagsusuot ng mask sa loob ng gusali sa loob ng sampung araw pagkatapos ng pagkakalantad.
- Umiiral pa rin ang *mga pag-aatas kaugnay ng isolation (isolation requirements)* para sa sinumang magpopositibo sa COVID-19 o may mga sintomas na kagaya sa COVID-19 (bit.ly/DOH-Isolation-Quarantine-Guide).
- Ang mga indibidwal na 6 na buwan at mas matanda ay kuwalipikado nang makatanggap ng libreng bakuna laban sa COVID-19. Gamitin ang *COVID-19 portal* ng estado (hawaiiicovid19.com/vaccine) para makakita ng site para sa pagpapabakuna sa inyong komunidad.

Aasa kami nang husto sa kolektibong pagsisikap at responsibilidad ng ating mga pamilya para panatilihin ang kaligtasan at kalusugan sa ating mga paaralan. Mangyaring patuloy na magsagawa ng *pang-araw-araw na pagsusuri sa kalusugan (daily wellness check)* (bit.ly/HIDOE-WellnessCheck) bago papasukin ang inyong anak at panatilihin siya sa bahay kapag may sakit siya. Mahalaga pa ring estratehiyang panlaban ang pagpapa-test. Kung kailangan ninyo ng mga self-test kit, makipag-ugnayan sa paaralan o provider ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak.

Manatiling malusog at suliting magsaya sa bakasyon ngayong tag-init!

Taos-puso,

Keith T. Hayashi
Superintendent

KTH:ky
c: Sangay ng Mga Komunikasyon